# Mga Gunita ng Kalipung-awan

**Napoleon Arcilla III**

1.

UNA KONG NAKILALA ANG Kalipung-awan mula sa mga kuwento ng mga mangingisda sa amin. Isa itong malawak na fishing ground na dinarayo ng mga mangingisda ng Catanduanes sa karagatang Pasipiko. Dose oras ang binubuno pagpunta rito. Iyon ay kung malinaw ang panahon, di malikot o di kontra ang mga sulog. Mula buwan ng Pebrero hanggang sa mga unang linggo ng Abril kung kailan madalas ang paglitaw ng mga subasko, umaabot ang biyahe ng labing-anim hanggang dalawampu't apat na oras. Iyon ay kung makararating ka sa Kalipung-awan nang buhay. At nang buo.

***

Dalawang linggo matapos ang libing ng nanay ko noong 2011, nagpasya akong pumunta ng Dariao—ang baryo ng asawa ko upang maligo sa dagat. Katulad ng Maygñaway kung saan ako lumaki, coastal barangay rin ang Dariao. Ang pagkakaiba ng dalawang baryo ay ang uri ng dagat mayroon ang mga ito. Sa Maygñaway na isang baryo ng banwa ng San Andres, natatanaw pa ang mahabang masa ng Camarines Sur at karugtong na kalupaan nito. Samantalang sa Dariao na sakop ng banwa ng

Caramoran (isang munisipyo sa hilagang bahagi ng Catanduanes), open seas. Maliban sa mga maliliit na pulo na nakakalat, wala nang ibang lupang matatanaw.

Tradisyon na sa amin ang paliligo sa dagat pagkatapos mamatayan. Ang teorya ko, naliligo para hugasan ang kung anumang lungkot at bigat sa dibdib na nakakapit. Pero para sa mga kapwa ko namatayan, naliligo sila para kahit papaano'y magkaroon ng mumunting muni-muni. Maka-relax. Makabawas man lang ng bigat. Hindi ko alam. Minabuti kong sa Dariao na lamang gawin ang paliligo kahit na mayroon namang dagat sa amin. Kasama lang ang asawa ko't tatlong anak. Malayo sa kapatid kong buo. At sa tatay kong totoong dahilan kung bakit gusto kong dumistansiya sa Maygñaway.

Hindi ko alam kung alam ng asawa ko ang talagang rason dahil hindi ko naman ito kailanman ikinuwento sa kanya. Hindi ko ito sinabi kahit kanino. Galit ako sa ama ko dahil sa napakaraming bagay. Hindi ko maiwasang isisi sa Papa ko ang pagkakaroon ng kanser sa baga ng mama ko na paglao'y ikinamatay nito. Bagama't maaring nakuha rin ito sa exposure ng mama ko sa chalkdust bilang guro at feeds na ipinapakain sa mga alagang baboy namin. Wala kasing ibang naninigarilyo sa bahay maliban sa Papa ko. Habang sinasabi noon ng attending physician ng mama kong pangunahing salik ang secondhand smoke sa pagkakaroon niya ng mga kumakalat na bukol sa buong katawan mula sa mga baga, nagpigil akong huwag tawagan ang Papa ko. Iniwasan kong masabihan siya ng mga salitang makagagawa lamang ng agwat sa panahong dapat sana'y nagdadamayan kami. At sabihan siya ng mga masasakit na salita. Nasa gitna ako ng pangambang anumang oras ay babawian ng buhay si Mama dahil nasa Stage IV na ang kanser niya at ng kalituhan kung saan ako kukuha ng perang susustento sa gamutan. Ang Papa kong kinilala ko mula pa noong bata ako bilang sandigan ng mga desisyon sa bahay, Superhero image ng mga anak, ang iniidolo ko at gustong maging katulad paglaki ay naging isang kulubot at walang silbing matanda na lamang. Hindi man lamang siya sumama sa akin sa Maynila para matingnan ang kalagayan ng asawa niya. Ang dahilan, hindi pa raw sapat ang pera niya para idagdag sa pagpapagamot. Kailan ba naging sapat ang pera niya para sa amin? Hindi ko alam. Hindi ko matandaan.

Mama ko ang nagpagawa ng bahay namin sa Maygñaway. Na nagsimula sa pakonti-konting dagdag ng mga bahagi hanggang sa maging tahanan na ng pamilyang may apat na miyembro—mag-asawa at ang kanilang dalawang anak. Hindi ko maalalang nagdesisyon ang Papa ko na magpagawa ng bahay dahil wala siyang sapat na pera. Sapat na sa kanyang mangupahan kami. Minsan nga'y sinabi niya pang ang ipagagawa niya ng bahay ay ipagagawa na lang niya ng bangkang de motor. (Noon, ang dami ng pag-aaring bangkang de motor sa amin ang reputasyong pinanghahawakan ng isang

pamilya. Hindi pag-aaring lupa, salapi, o uri ng bahay. Indikasyon ito ng social class sa aming baryo.) Nauwi sa sagutan nilang mag-asawa ang sinabing iyon ng Papa ko. Noong 1997, nang magbakasyon ang Papa ko sa kanyang anak sa unang asawa sa US, nagmadaling magpagawa ng bahay ang nanay ko matapos bumili ng lupa. Hindi ko malilimutan ang mukha ng Mama ko nang araw na kausapin niya ang foreman. Kitang-kita ang determinasyon. Sa araw na iyon, sinimulan ang paggawa ng bahay namin sa Maygñaway na hanggang ngayon ay di parin matapos-tapos ngunit kahit papaano't natawag naming tirahan. Nagulat ang Papa ko nang sa bagong bahay na siya ihatid ng sinakyang dyip nang dumating siya galing US. Lalo siyang nagulat na lumipat na kami kahit wala pang naikabit na kuryente. Alam naming may gustong patunayan ang Mama ko, hindi niya kinailangan ang sahod ng kanyang asawa, ng lalaking kasalukuyang konsehal ng munisipyo, retiradong prinsipal ng paaralang pinapasukan niya, at ama ng kanyang dalawang anak para lamang makapagpagawa ng bahay. Na-realize ko lamang noong 2009 nang naging pampublikong guro na ako ang naging sakripisyo ng nanay ko. At naging palaisipan kung paano siya nakapagpatayo ng bahay sa Maygñaway mula sa kakarampot na suweldo.

***

Kapag ipinanganak na ang isang lalaki sa Maygñaway, itinuturing na siyang mangingisda. Sa murang gulang, kailangan niya nang matutong lumangoy. Ito siguro ang unang hakbang sa mahabang proseso ng pagiging mangingisda. Magkasingbigat sa dibdib ng mga batang lalaki ang kahihiyang sanhi ng di-karunungang lumangoy at ng pagiging supot. Gayundin siguro sa matatanda. Mangilan-ngilang kakilalang hindi marunong lumangoy ang naisasama sa pagpapalaot. Sinasabi kasing malas at pabigat sila sa panghuhuli ng isda. Ang amoy ng mga supot naman daw ay tinatakbuhan ng mga isda.

Kaya hindi pa man beterano sa paglalakad ang mga bata'y ihinahagis na sila ng kanilang mga ama sa malalim na bahagi ng dagat upang magpumiglas. Ang pagpupumiglas ng bata habang nabibilaukan na ng nainom na maalat na tubig ang simula diumano ng pagkatuto ng bata sa paglangoy. At hindi pa man gaanong kalas ang balat sa ulo ng titi ng mga batang lalaki, nakipipila na ang mga ito sa pulutong ng mga batang handa nang humarap sa labaha. Matapos ang palagian at mahahabang pagbabate sa batang edad upang kumalas na ang balat sa ulo ng ari.

Kadalasan, natututong lumangoy at nagpapatuli ang mga bata lingid sa kaalaman ng kanilang mga magulang. Kaya may mga pagkakataong bangkay nang nakauuwi ang isang bata matapos malunod. Matapos subukang lumangoy. At pumalya ang mga

sikad. O di kaya nama'y magugulat ang ina sa pag-uwi ng anak na duguan at tuli na. Hindi na mabilang sa kamay ko ang mga batang isinugod sa ospital dahil sa di maampat na dugo o kaya'y impeksyon. Dahil sa labaha ng lasing na barbero sa amin pormal na binuksan at ipinagdiwang ang pagkabinatang itinuturing ng aming baryo.

***

2.

Sinasabi parati noon ng Papa kong magiging totoong mangingisda lamang ang isang tao kapag nakarating na ng Kalipung-awan. Kumbaga, fishing ground for the big boys lamang ito. Hindi pupuwede sa mga mangingisdang may bangkang gawa lamang sa tersera klaseng mga kahoy, at bibihirang makatikim ng high-grade na pintura at epoxy. Lahat ng bangkang natatandaan kong nakadayo na sa Kalipung-awan ay mga de motor. Noon, Legazpi City ang pinakamalapit na bilihan ng makina ng bangka. Pati ng mga lambat at mga sinulid na ginagamit sa pag-aayos ng mga butas at punit. Siyempre, kung may pera, dadayo sa mas malayong Maynila, sa Raon. Ang mga kasko naman ay yari sa pulang lauan o sa ipinagbabawal nang putulin na mga puno. Kadalasan, sa mga bukid na ito nakukuha, kung hindi, sa mga isla ng Camarines Sur. Higit sa madalas, maglalagay sa mga forester noon na nagbabantay upang payagang maibaba lamang ang mga retaso ng kahoy sa mga baryo. Mula naman sa mga dinadayong lugar ang mga katig at batangan. Stainless din dapat ang elesi, ehe, at timon. Pati ang mga tagagawa ng bangka ay hindi kung sino-sino lang. Kung hindi sa nag-iisang pamilya sa Maygñaway na kilala sa gilas at galing sa paggawa ng mga bangka mula sa pinakamaliit hanggang sa mga naglalakihang paraw at lantsa, sa iilang pamilya sa Pandanan, Caramoan, Camarines Sur ipinagkakatiwala ang paggawa ng mga bangka.

Pero hindi sasapat ang bangka upang makapunta sa Kalipung-awan. Kailangan ng mahabang karanasan sa pagpapalaot. Sa unang subok ng bangkang dumayo sa Kalipung-awan, kailangang isa o dalawa sa mga tripulanteng kasama ay nakarating na roon. Sila ang magsisilbing giya at garantiyang makauuwi nang buhay at buo ang mga mangingisdang dumayo.

***

Kahit magsinungaling pa ako sa asawa ko, alam niyang makikipag-inuman ako sa mga kakilala ko sa Dariao gaano man karami ang paalala at gaano man kasidhi ang pakiusap niyang iwasan ang mga manginginom na may kasaysayan na ng paglason.

Palagi ko namang itong inilalagay sa kukote ko bago at tuwing umiinom. Pero noong araw na iyon, bagama't uminom nga ako, hindi talaga iyon ang ipinakay ko. Gusto ko noong pumalaot. Pumunta sa Kalipung-awan kinabukasan. Ginamit kong puhunan ang ilang long-neck ng Emperador. Kaya nang ang mga kainuman ko'y patawa-tawa na't matalik na kaibigan na ang turing sa akin, at parang anumang oras ay maghahalikan na sila sa haba ng inuman, sinabi ko sa kanilang gusto kong pumunta sa Kalipung-awan. Lalo silang naghagalpakan. Walang lasing ang matinong sumeryoso sa sinabi ko. Nang magtanong na ako kung magkano ang aabutin sa pag-arkila ng bangka, saka na tumahimik ang karamihan. Ang dalawang nagsusukang taong kaharap namin ang tanging hindi nakatuon ang mukha sa akin. Hanggang sa sumingit ang isa't sinabi na hindi bababa sa apat na container ng gasolina ang kakailanganin. Sinabi kong ako nang bahala sa gasolina basta't sila na ang maghanap ng maaarkilang bangka. Isa sa mga kainuman ko ang nag-alok ng bangka at nagbilin ng pag-iingat. Tatlo ang nangakong sila na ang magiging makinista at tripulante. Ikaapat akong pasahero ng bangka. Unang linggo iyon ng Abril at nagpasya kaming pumunta sa Kalipung-awan kinabukasan. Natulog ako kinagabihan na naaamoy na ang gasolina at lansa ng lambat.

***

Halos single-handed ang pagpapaaral ng Mama ko sa aming magkapatid. Siya ang nagbigay ng panggastos sa paaralan samantalang para sa luho naman ang bigay ng Papa ko. Ang ginagawa ko noon, humihingi ako sa Papa ko ng pera kapag may kausap siya. Mababa na kasi ang limangdaan na inaabot niya sa akin kapag maraming tao ang nakakakita. At sa ganitong paraan, hindi siya tumatanggi. Dahil kung walang nakatingin, inaasahan ko nang "Wala akong pera!" ang magiging sagot niya.

***

3.

Mas kilala ang Kalipung-awan bilang Benham Rise dahil ito ang itinuturing na opisyal na pangalan ayon na rin sa mga records bagama't una nang tinawag ng mga sinaunang Catandunganon ang lugar bilang Kalipung-awan bago pa man dumating ang mga Kastila. Ayon na rin sa mga sabi-sabing nagpalipat-lipat sa mga henerasyon ng mga mangingisda, isang mangingisda mula sa Balogñonan (isa pang sitio noon, ngayon ay baryong sakop na ng banwa ng Pandan, Catanduanes) ang aksidenteng nakatuklas ng masa ng lupa sa ilalim ng dagat. Kapag may banta kasi ng paglubog o

pagkasira ng bangka dahil sa subasko, bagyo sa dagat, o pagkasira ng bangka, tinatali ng mga mangingisda ang kanilang mga katawan sa bandang balakang. Ikinakabit ang tali sa bangka o sa anumang bagay na maaaring lumutang. Sa dulo ng tali'y ikinakabit naman ang angkla na dinadasal na sumabit sa anumang gasang o bahura sa dagat. At sumabit nga ang angkla ng mangingisdang taga-Balogñonan sa hilera ng mga gasang sa Kalipung-awan. Dito na raw nagsimula ang pangingisda ng mga Catandunganon sa lugar na iyon. Noong 2017, pinirmahan ni Duterte ang Executive Order No. 25 na muling nagpangalan sa "submerged landmass" na ito bilang Philippine Rise. Kinalaunan, kumalat sa balitang may mga Intsik nang nagpapatrolya sa kalawakan ng Philippine Rise na nagpangalan rin sa iba't ibang bahagi ng landmass.

Mula sa salitang Bikol na "pung-aw" ang Kalipung-awan. Malapit ito kahit paano sa "pangungulila" ng mga Tagalog ngunit mas malapit sa "mingaw" ng Visayas at Mindanao. Ang pinakamalapit na katumbas ng Kalipung-awan ay "pangungulila sanhi ng paghihiwalay." Sa layo raw kasi nito sa Catanduanes ay ilang mangingisda na ang nasiraan ng bait sanhi ng labis na kalungkutan at pangungulila. Gayundin ang mga asawa't anak anak na nabiyuda't naulila dahil sa bigong pag-uwi ng mga mga mangingisda.

Ayaw na ayaw ng Papa kong tawagin ang Kalipung-awan na Benham Rise. Sa palagay niya, nawawala ang pagkakakilanlan sa lugar. Nawawalan ng halaga ang pagmamay-ari. Para raw na nawawalan ng karapatan ang mga mangingisdang kung tutuusin ay siyang unang nakatuklas at dapat na kilalaning may-ari ng lugar.

***

Napoleon III ang ipinangalan sa akin ng tatay ko. Hango siyempre sa pangalan niya. Siya ang nagpangalan sa sampung anak niya. Napoleon II ang ipinangalan niya sa unang anak niya sa unang asawa. At Napoleon III nga ang sa akin—bunso sa pangalawang asawa. Bunso sa lahat.

Lahat ng pangalan naming magkakapatid ay ipinangalan sa aming mga bangkang pampalakaya. Nakaibabaw ang pangalan sa mga makukulay at dekoratibong pinta ng mga bangka. Ayon sa papa ko, nakasalalay raw sa ibinigay na pangalan ng bangka ang kapalaran nito sa dagat. Ilan sa mga bangkang ipinangalan sa mga kapatid ko ang maagang ibinenta dahil sa pagkalugi. Ang iba naman ay nagbigay ng biyaya hindi lamang sa amin kundi pati sa mga mangingisdang may hawak nito. Isa sa mga bangkang kilala sa dami ng huli ang bangkang ipinangalan sa akin. Pero tatlong taon lang ang itinagal nito bago ipinagbili. Sa di matukoy na dahilan, nabulok ang isang bahagi ng katawan nito—ang kasko. Kaya minadaling ibenta na lang para kahit

papaano'y mapakinabangan. Natanong ko noon kung bakit hindi ipinaayos ang kasko gayong malakas naman ang huli nito. Sa tantiya ko'y sasapat na rin ang ibinigay nitong benta para sa pagpapaayos. Mahirap na raw gawan ng paraan kung ang sira ay sanhi ng pagkabulok ayon sa papa ko. Kako, bakit hindi lang subukan. Hindi na niya sinagot ang tanong ko. Masuwerte naman daw ang pangalan ko kahit pa wala na ang bangka. Dahil daw galing ito kay Napoleon na isang batikang war strategist at French emperor. Nasa hay-iskul na ako nang madiskubreng isa sa pinakaunang kupal na pinuno pala si Napoleon. Nagkorona sa sarili bilang emperador, hindi pa marunong tumanggap ng pagkatalo. At ang nagmarkang salita na may kinalaman lamang sa kaniya ay ang Waterloo—ang lugar ng kanyang huling laban, at pamosong pagkatalo.

Kinaiinisan ko ang pangalan ko dahil pangmatanda, lagi ko noong bukambibig. Kasundo ko noon sa pandidiri ang mga kaklase kong Junior ng mga tatay nila. Lalo na kung Fernando at Pedro ang mga pangalan. Sa mundo namin noong ang mga pangalang John Paul, Michael Fritz, Carl Edward, at Earl Christopher ang barometro ng kakisigan ng pangalan, isang sumpa para sa akin ang pangalanang Napoleon. Pero kahit di ko ito gusto, lumilingon pa rin ako kapag may tumatawag sa pangalan ko.

***

Kahit na papalaot na kami noon papuntang Kalipung-awan, hindi pa rin ako nagpaalam sa asawa ko. Madali namang makabalik sa lupa ang balita ng aksidente sa dagat. Sa loob-loob ko noon, lalo pa kung may namatay. Ang paalam ko lang sa misis ko ay makikipag-inuman. Diyan-diyan lang. Generic kaya di na siya nagtanong pa. Wala akong ibang binitbit kundi ang suot na damit at ang aking pagnanasang makarating sa lugar na tila, sa pakiramdam ko, ay malaking balidasyon ng kung anumang dapat kong patunayan sa buhay. Malamang magtatanong si Zyrel kung saang lupalop ako pupunta kung makita niyang may dala akong pagkain kaya tubig lang ang ibinaon ko sa biyahe. May malaking kalderong pasahero rin naman ang bangka. Ang ulam namin ay kukunin na lang daw sa mahuhuling isda kinalaunan. Napansin kong malalaki ang mga bote ng tubig ng kasama ko. May ekstrang dalawa pang container ng tubig dahil madali raw mauhaw sa gitna ng laot. Bagama't mahangin dahil sa pag-usad ng bangkang de motor, tuyo at mainit na hangin lamang ang naroon. Pagpatak ng alas-otso ng umaga, hinuhurno na ako ng araw. Tanging ang mainit-init na ihip ng tuyong hangin lamang ang nagbigay ng pagkakataong makatikim man lang ng kaunting hangin. O baka, ang tuyong hangin ang nagpainit pang lalo. Di ko alam.

Sa tantiya ng mga kasama ko'y aabutin ang biyahe ng labingdalawang oras.

Hindi naman gaanong maalog ang bangka dahil sa umpisa'y maliliit ang alon ngunit ang magkahalong amoy ng gasolina at ng asayteng isinusuka ng gasket ng makina ang nagpapaikot sa akin. Kung sa ibang biyaheng dagat ay nakatatakbo pa ako sa loob ng bangka o lantsa, iba sa biyaheng iyon. Isang mahabang linya sa dagat ang tinutunton ng bangka pero ang pakiramdam ko'y paliko-liko ang tahak. Parang paikot-ikot lamang ang lahat. Nang mapansin ako ng katabi kong tila hilong-hilo na, inabutan niya ako ng kending bahagyang nagtanggal ng pagkahilo ko. Nginuya ko nang nginuya ang kendi hanggang sa madurog na't maubos. Dahil sa pagkadurog ay wala na akong nailunok o maiwan sa bibig. Nagsimula na lamang akong magpanggap na may nginunguya pa.

***

Sobra na sa sampung daliri ang beses na sumama ako sa laot. Hindi ito 'yong pagsakay ng bangka para mag-island hopping o mag-excursion sa mga virgin beaches ng Camarines Sur. Mga pagpalaot ito upang mangisda. Ekstra ang tawag sa dagdag na miyembro ng mga mangingisdang sumasama sa pagpalaot. (Kadalasan, tatlo lamang ang bilang ng mga mangingisda kung ang ginagamit ay palutang—lambat na malalaki ang mata. Makinista ang lider ng tatlo. Katumbas siya ng kapitan sa barko. Ang dalawa'y tripulante. Kung maliliit ang lambat (kampuray), isa o dalawa lamang ang nasa bangka.) Wala naman talagang gaanong silbi ang ekstra maliban sa paglilimas ng tubig-dagat na nakapasok na sa bangka. Kung walang ekstra, dagdag na trabaho lamang ito ng isa sa dalawang tripulante. Kung minsan, nagpapalit din ang ekstra sa isang tripulante sa pag-ahon ng lambat lalo na kung namungot o maraming nahuling isda.

Pero ang pagiging ekstra'y may kahingian din. Kung suhi ang sasama, wala nang ibang kakailanganin, kahit huwag na itong maglimas. Suwerte raw kasi ang suhi sa panghuhuli ng isda. Kung unang beses na papalaot ang ekstra, suwerte rin itong maituturing. Beginner's luck, wika nga. Ngunit mariing ipinagbabawal ang pag-ekstra ng mga taong hindi marunong lumangoy. Malas daw kasi sila sa pagpalaot. Isa pa, sakaling magkaaberya't lumubog ang bangka, magiging pabigat lamang ang kasamang di marunong lumangoy. Kung hindi na unang beses ng pag-ekstra, inaalam ng mga regular kung marami ang naging huli ng bangkang huling sinamahan. Kung katanggap-tanggap ang sagot, isasama ang eekstra. Kung hindi, alam na natin ang sagot.

Isang pirasong isdang tulingan (kadalasang pinakamalaki sa mga huli) o isang kilong tamban lamang ang hiras (share) ng ekstra sa pagsama sa karaniwang mga

gabi, ibig sabihin, kung ang nahuling isda ay tatlumpu pababa. Kung mas mataas sa tatlumpu, magdadagdag ng isa o higit pa.

Hindi lamang sa harapan ng Maygñaway umiitsa ng lambat ang mga palutang at kampuray. Dumadayo ito sa mas malayong bahagi ng dagat. Mula sa aplaya, mga tatlumpung minuto hanggang isang oras ang iginugugol upang makapili ng ispat na paghahagisan ng lambat. Kapag malikot, mabilis at papalayo ang sulog, mas natatagalan ang pag-uwi. Ang tatlumpung minuto hanggang isang oras na biyahe bago lamang mag-itsa ng lambat ay nagiging tatlo hanggang apat na oras na biyahe pauwi. Hindi pa diyan kasali ang haba ng pag-ahon ng lambat at ng pagtatanggal ng mga isda. Kaya inaaral din ang panahon, sulog at lakas ng mga alon. Dahil ang pangingisda'y tungkol sa mga ito. At tungkol din sa tamang pagtatantiya't paghihintay.

***

4.

Mga dalawang oras na kaming nagbibiyahe nang magladlad ng mga pisi ang mga mangingisdang kasama ko sa dagat habang binabagalan ang takbo ng bangka. May mga bingwit sa kahabaan nito. Hindi pa man natatapos ang paglaladlad ng mga pisi't bingwit, nagsisigaw na ang isang mangingisda. Itinaas niya sa ere ang huli—isang kahel na kahel na lapulapu. Nagsigawan pa ang ibang mangingisda. Nakisali na rin ako. Bago pa man humupa ang sigawan, isang napakahabang tanigue ang iniahon ng isa pang mangingisda at tinanggalan ng bingwit. Hinawakan ko ang madulas na katawan ng isda kahit na nagpupumiglas pa ito. Tiningnan ko ang mga guhit sa katawan ng tanigue na parang ipinaalala ang isang lumang pangyayari.

***

Grade 4 ako noong unang maglinis ng isda. Gumamit ako ng palas—isang matalim na bolong para lang talaga sa panghiwa ng mga isda at karne. Minsan ginagamit din sa pangangatay. Tinandaan ko lamang ang bilin ng Papa ko tungkol sa paglilinis. Hiwain ang isda mula sa bandang hasang hanggang sa mumunting butas sa ibaba ng tiyan. Hilain ang tiyan—ang pahabang laman na kadalasa'y kadikit ng kasinghugis na piga— ang mga itlog ng isda. Dahan-dahan lamang ang paghila upang hindi mabasag ang apdo na katabi lamang ng tiyan. Papait ang buong katawan ng isda sakaling masugat ang apdo. Madali pa naman itong kumalat. Matapos tanggalin ang tiyan, piga (kung mayroon man), at apdo, hihiwain na ang buong katawan ng isda magmula

sa hasang papuntang buntot. Pagkahiwa sa ulo, sunod na hiwain nang gakalahating pulgada ang kapal papuntang buntot. Putulin ang bawat palikpik na madaanan. Para sa buntot, hiwa-hiwain nang kaunti ang umuumbok na bahagi. Asinan ang bawat sugat ng isda upang manuot na ang alat na magpapalasa dito.

Nasaulo ko ang paglilinis ng tulingan at ng mga isdang tulad nito. Nang lumaon, pati ang mga isdang may kakaibang katawan at laman ang sinubukan ko nang linisin. Sumablay lamang ako sa paglilinis sa tanigue na minsang iniuwi ni Papa. Sinunod ko ang mga hakbang sa paglilinis ng isdang saulado ko na. Ngunit nang hilahin ko na ang hasang, nagulat ako dahil tila may kumagat. Isang mahabang duguang hiwa ang gumuhit sa kanang palad ko. Inakala ko noong una na buhay pa ang isda't ito ang kumagat. Ngunit nalaman ko rin paglaon na matatalim ang hasang ng tanigue. Kasingtalim ng palas na ginagamit ko sa paglilinis ng isda. Sinisi ko si Papa sa pagkakaroon ko ng sugat. Kako, bakit hindi niya sinabi. Nagalit siya. Sa edad ko raw na 'yon ay dapat alam ko nang matalim ang hasang ng tanigue. Sumunod na ang hilera ng mga kuwento niya ng mga isdang nakasagupa niya mapadagat man o kusina. Ang mga naglalakihang talakitok na nabingwit niyang halos mapalubog na raw ang bangka kung saan ito ikinarga. Ang mga malasuging ang dalawang mata'y tatlong araw niya raw inulam sa sobrang laki. Sa edad na iyon, wala pa akong nahuling isda kahit isa. Noong huling subok ko sa pamimingwit, nakawala ang isdang singlapad ng aking duguang palad. Nahuhuli na ang mga isdang iyon ng nga batang mas bata pa sa akin. Dapat raw pag-aralan ko ang mga bagay na iyon dahil lalaki ako at malaki na. Tinitigan ko na lamang ang hiwa ko sa palad na kahit nilagyan na ng benda noon ni Mama ay patuloy pa rin sa pagdurugo. Ngunit iyon na ang huling beses na nasugatan ako ng hasang ng tanigue.

***

5.

Nabuo ang Kalipung-awan (Philippine Rise) sanhi ng kiskisan at banggaan ng Philippine Sea Plate at ng Eurasian Plate. Ang eksaktong lokasyon nito ay malapit sa silangan ng Philippine Trench at sa timog ng East Luzon Trench.

***

Habang nakaburol si Mama, hindi ko iniimik ang ama ko. Ni hindi ko siya inaalok kumain kapag oras na ng pagkain. At lalong hindi ko itinanong kung nakakain na siya kahit alam kong hindi pa. Nahihinaan kasi ako sa kanya bilang ama. Sa tagal

ng aming pagsasama'y nakalikha na ako ng mga pamantayan at imahen ng isang ama. Ngunit malayong-malayo siya roon. Nagpokus na lamang ako sa mga bagay na dapat asikasuhin: mga bills na kailangan pang bayaran, ang kakulangan sa kabaong at pag-eembalsamo, at iba pang mga bagay na mangangailangan ng pera at atensiyon ko. Kung tutuusin, madali lang naman ang mamatayan basta't may kamag-anak at kaibigang mag-aabot ng tulong pinansiyal.

Ilang beses nagtangkang mag-abot ang Tatay ko ng pera sa akin sa tuwing daratnan niya akong nagkukuwenta ng mga bayarin. Lagi ko siyang iniiwanan. Iniiwasan. Lagi niya na lang binabawi ang sana ay inaambag niya sa gastusin sa burol at paglao'y libing. Hindi ko kasi maatim ang sinabi niyang sinangla niya ang dalawa sa mga pinakamamahal niyang bangka para may maabot. Ang mga bangkang ipinakiusap ko sa kanyang ibenta noong nasa gitna ng chemotherapy si Mama. Noong patay na si Mama, saka pa lamang niya naisip na ibenta? Inisip ko noon na mas mabuti na iyong iniiwasan ko siya upang hindi ko siya sumbatan. Malayo na ang aming agwat at di na kailangang dagdagan pa.

***

6

Kinilala ang Philippine Rise bilang "protected food supply exclusive zone" ng pamahalaan ng Pilipinas noong May 2017. Ipinagbabawal din ang pagmimina at paggalugad dito upang maghanap ng langis. Ngunit magpahanggang ngayon, maraming dayuhang mangingisda pa rin ang namamataan sa lugar. Nagnanakaw ng gasang at korales. Nagsasagawa ng large-scale fishing. Nagsisiga-sigaan sa dagat na sana'y para sa mga Pilipino.

***

Dalawang taon makalipas ilibing si Mama, namatay si Papa. Sabi ng mga bisita sa burol niya, talagang madali raw manghina ang matatandang namatayan na ng asawa. Sa kabisera na ako nakatira noon at dinadaan-daanan ko na lang siya tuwing pumapasok sa paaralan kung saan ako nagtatrabaho. Para sa akin, sapat na ang pagsilip sa kanya kung humihinga pa. Sapat na ang pag-aabot sa kanya ng putaheng pating na pinaluluto niya sa katulong bilang kinunot—isang putaheng Bikolano na hinimay (o dinurog, sa ibang bersiyon) na pating na niluto sa gata at ibinabad sa anghang ng sili. Ang mga pagdaan-daan kong ito sa kanya, sa aming bahay sa Maygñaway, ang tanging komunikasyon namin bago siya magkasakit.

Sabi ng doktor na tumingin sa kanya, lumaki nang lumaki na raw ang kanyang prostate. Pinapili ako ng doktor kung ipapaopera pa si Papa o hihintayin ko na lang ang kamatayan niya. Paiinumin na lang daw ng gamot na pipigil sa lalo pang paglaki ng prostate kung pipiliin ko ang huli. Sa yugtong iyon, kinailangan ko na namang magtantiya at maghintay sa kawalang-katiyakan.

Sinabi ko sa doktor na iuuwi ko na lang si Papa kapag nakabawi na ang kanyang katawan. Ang totoo, pagod na akong magluksa. Kung mamamatay siya ay mamatay na. Minanhid na ako ng mga pangamba't pag-aalala. Bagama't may pag-alalay na ibinigay ang mga kapatid ko sa ama at ilang kamag-anakan sa anyo ng pera at tapik sa likod, sawa na rin akong maghintay dahil alam kong ang pagpapagamot ay mauuwi lang sa matagal na pagpapahirap. Di ko na maintindihan kung ano pang halaga mayroon ang pagpapahaba pa ng buhay niya. Hanggang ngayon, dinadala ko pa rin ang mga tanong na paulit-ulit pa rin akong pinaiikot at dinadala sa mga madidilim na sulok ng isip ko. Tama ba ang ginawa ko? Baka ginawa ko lang iyon dahil may galit pa rin ako sa kanya? Bakit hindi ko isinugal ang natitira niyang oras?

Hindi ko na tiningnan ang papel na iniabot ng doktor para pirmahan ko. Bago ko sabihin kay Papa na uuwi na kami kinabukasan, ikinuwento niyang nakita na niya ang anghel dela guardia niya at sinabing hindi na raw siya magtatagal. Tanggap niya na raw ito. Pinakinggan ko siya na parang naniniwala sa mga sinasabi niya. Nagkuwento pa siya ng mga kuwentong dati ko nang naririnig mula sa kanya. Paulit-ulit. Palaging paulit-ulit.

Ang huling pag-uusap namin ay tungkol sa pagkikita nila ni Mama. Sinariwa niya ang pagkakakilala't pagsasama nila. Ang pagkakaroon nila ng pamilya. Bago siya namatay, nagkukuwento pa rin siya ng kanyang pangingisda habang nakapikit. Hirap na siya sa pagsasalita pero pinilit niya pa ring magkuwento. Nag-iiyakan na ang mga taong naroon sa kuwarto kung saan naroon siya. Nagpatuloy pa rin siya ng pagkuwento ng pagdayo niya sa Kalipung-awan noong kalakasan niya. Ng pagkahuli ng iba't ibang lapulapu—baraka, kugtung, lana. Ikinuwento niyang muli ang sa tuwina'y nagpapaalaala sa akin ng mga bagay tungkol sa kanya.

Habang nag-iiyakan na't yinayakap na ang bangkay ni Papa ng mga taong naroon sa loob ng kuwarto, nanatili pa rin akong nakatayo sa isang sulok. Iniisip ko na ang babayarang punerarya. Ang presyo ng kabaong na bibilhin. Ang mga kukuning kusinero. Ang aarkilahing mga upuan at mesa. Ang mga gagawa ng tolda.

Ilang beses akong nanaginip ng pagkalunod habang nakaburol si Papa. Natitikman ko ang alat ng dagat na pumapasok sa bibig ko't ilong. Naramdaman ko

ang kaba sa bawat apak sa nanlalambot nang buhangin. Gigisingin na lamang ako ng kung sinumang makaririnig ng ungol ko habang natutulog. Iyon lamang ang una sa napakaraming mga gabi ng pagkalunod.

***

Hindi kami nakarating sa Kalipung-awan. Nasa lokasyon pa lang kaming tinatawag ng mga mangingisda bilang Step 1 nang bumigay ang motor ng bangka. (Step 8 ang iba pang tawag sa Kalipung-awan. Sukatan dito ang mga liit ng isla ng Palumbanes na huling islang makikita bago marating ang Kalipung-awan.) Mahigit na tatlong oras ang sinunog bago muling tumakbo ang bangka. Nagpasya silang bumalik na ng Dariao sa kabila ng pagtutol ko. Pinagdiinan kong kailangan kong makarating sa Kalipung-awan. Nagtawanan lamang sila. Naasar ako rito. Nagsimula na akong murahin sila hanggang sa sila'y tumahimik. At nagtimpi. Hindi ko pinansin sa loob ng mahabang panahon ang mga mangingisda. Umiwas akong makasalubong sila sa daan at ganoon naman sila sa akin. Muli lamang kaming nag-inuman ilang linggo matapos mailibing si Papa. Pumunta na naman ako sa Dariao kasama ang pamilya ko upang maligo sa dagat. Muli naming pinag-usapan ang pagtatangka kong makarating sa Kalipung-awan.